صلاتنا حياة
مشروع تعظيم قدر الصلاة

Isinalin sa wikang Filipino ng
Academical Committee ng
www.ayah.org.ph

Kahulugan Ng Mga Gawain Sa

# Salah

Tagalog

صلاتنا حياة

مشروع تعظيم قدر الصلاة

## Panimula

Ang lahat ng papuri ay tanging sa Allah ﷻ, at itampok nawa ng Allah ﷻ ang kanyang pagpapala at kapayapaan sa kanyang sugo na si Muhammad, kasama ng kanyang pamilya at kasamahan...

Tunay na ang Salah ay isang uri ng pagsamba sa Allah ﷻ na mayroong mga natatanging salita at kilos, sinisimulan sa pamamagitang ng Pagbigkas ng "Allahu Akbar" at nagtatapos sa pamamagitan ng Tasleem o pagbikas ng "Assalamu Alaykum".

Kabilang sa mga marapat na malaman ng isang nagsasagawa ng Salah ay ang mga kahulugan ng mga natatanging salita at kilos sa loob ng Salah, upang sa ganon ay mapatotohanan ang pagtaguyod sa Salah, at pagkakaroon ng kataimtiman habang nagsasagawa ng Salah, at upang malaman ang mga napapaloob na kahulugan nito.

Walang pagdududa na ang pagkakaroon ng kaalaman ng isang nagsasagawa ng Salah sa mga kilos at pati na rin sa mga salita ng Salah ay mayroong malaking epekto ito sa kataimtiman ng puso habang nagsasagawa ng Salah. At ang walang kaalaman sa mga kahulugan ng kilos at mga salita ng Salah, ang nangyayari na lamang ay parang isang tradisyon na nakasanayan na lamang. At tunay na ito ay nagdudulot ng kawalan ng kataimtiman ng puso at isip, at naghahatak sa maraming bulong ng Shaytan, at ito ay nagdudulot sa pagkawala ng paglasap sa tamis ng pagsamba, at maaring mawala pa sa kanya ang mga gantimpala, at tunay na hindi maisusulat para sa kanya ang gantimpalang ito mula sa Salah liban sa mga yaong isinaisip nila ito.

Sinabi ni Shaykh Muhammad Bin Saleh Bin Uthaymeen (Kaawan nawa siya ng Allah ﷻ): "kabilang sa mga dahilan upang maalis ang paglipad ng isipan habang nasa Salah; Marapat na sinusundan ng isang nagdarasal ang lahat ng kanyang sinasabi at kinikilos at nagmumuni-muni sa mga dakilang kahulugan nito na siyang dahil kung bakit ito isinabatas ang kilos at salitang ito." |Fatawa Nurun A'lad Darb 2/8|.

| Kilos | | Kahulugan |
|---|---|---|
|  | Ang pagtayo paharap sa Qiblah | Ang Ganap na paghahanda upang makipag-usap sa Allah sa pamamagitan ng pagharap tungo sa direksyon ng Baytul Haram (Kaabah). |
|  | Ang Pagtataas ng dalawang Kamay upang pagbikas ng Takbeeratul Ihram (Allahu Akbar) | Ang pagdadakila at pagsuko sa Allah ﷻ, at palamuti sa Salah, at paglalahad sa ganap na pagsamba ng dalawang kamay at ganoon din sa ibang bahagi ng katawan sa Allah ﷻ, at ito ay bilang pagsunod sa kapamaraanan ng Sugo ng Allah ﷺ. |
|  | Paglalagay sa dalawang kamay sa dibdib at pagtingin sa lugar ng Sujood (Pagpatirapa) | Tumutukoy sa ganap na pagpapasakop at pagpapakumbaba sa harapan ng Allah ang siyang katas-taasan. |
|  | Ruku` (pagyuko) | Ganap na pagsuko at pagpapasakop at pagdadakila sa Allah ﷻ. |
|  | Pagtayo nang matuwid mula sa Ruku` | Ang pagbalik sa pagkakatayo upang purihin ang Allah ﷻ. |
|  | Sujood (pagpapatirapa) | Dagdag pang pagpapasakop at pagsuko sa Allah at paglapit sa kanya sa pamamagitan ng paglalagay sa lupa ng pinakamarangal na bahagi ng katawan ng isang nagdarasal ito ang kanyang: Noo, ilong, dalawang kamay at dalawang tuhod, at mga dulo ng kanyang dalawang paa upang dakilain at luwalhatiin at panalangin sa Allah ﷻ. |
|  | Ang pag-upo sa pagitang ng dalawang Sujood | Pustura ng isang nangangailangan na kung saan nagpapakita ng paghingi at matinding pangangailangan sa kapatawaran, habag, gabay, biyaya, at kaligtasan upang sa ganoon ay upang makamit niya kabutihan sa mundong ito at sa kabilang buhay. |
|  | Paggalaw sa daliring hintuturo | Tumutukoy sa kaisahan ng Allah ﷻ at pananalangin sa kanya. |
|  | Ang pag-upo para sa Tashahhud at Tahhiyat | Paggalang at pagdadakila sa Allah ﷻ , at paghingi sa kanya ng kapayapaan para sa kanyang sugo ﷺ at para rin sa kanyang sarili at sa mga mabubuting tao, at pagpapakupkop sa Allah mula sa lahat ng pagsubok, at pagpapakita ng matinding pangangailangan sa Allah ﷻ. |
|  | Paglingon sa kanan at kaliwa sa Tasleem | Pagharap ng mukha sa iba pang mga kasama at katabing nagdarasal upang magpa-abot ng kapayapaan sa kanila at mga Anghel. |